



SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Introduksyon 101 sa Mga Benepisyo: Pagtulong sa Mga Provider sa Komunidad na Iugnay ang Mga Tao sa Mga Serbisyo at Benepisyo

Abril 2026

Magsisimula ang meeting sa loob ng ilang sandali.




Para Kumonekta sa Zoom Interpretation

- Sa iyong computer, igalaw ang iyong mouse upang lumitaw ang bar sa ibaba ng iyong screen. Makakakita ka ng isang maliit na globo doon. I-click ito at piliin ang iyong gustong wika.
- Sa iyong smartphone, tablet o iPad, pindutin ang iyong screen upang lumabas ang menu ng mga opsyon. I-click ang tatlong tuldok o MORE na opsyon at pagkatapos ay piliin ang LANGUAGE INTERPRETATION (INTERPRETASYON NG WIKA), pagkatapos ay pindutin ang iyong gustong wika at pagkatapos ay i-click ang TAPOS NA.
- Dapat mong makita ang globo sa iyong computer. Kung ang ginamit mo ay smartphone, tablet o iPad, hanapin ang function ng interpretasyon sa seksyong MORE o sa menu na may tatlong tuldok. Huwag kalimutang pindutin ang DONE kapag napili mo na ang iyong gustong wika.



Q&A (Tanong at Sagot) Logistics

- Pakihanap ang button na Q&A sa iyong screen para maisumite ang iyong mga tanong sa iyong gustong wika sa buong presentasyon





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Naglilingkod kami sa 1 sa 4 na tao sa San Francisco



Social safety net ng San Francisco:

Mga serbisyo, suporta, at pampublikong benepisyo na idinisenyo para matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga indibidwal na may mababang kita, mga bata, pamilya, nakatatanda, at nasa hustong gulang na may kapansanan.



Agenda

1. Mga Pagbabago sa Patakaran ng Estado at Pederal sa Medi-Cal: Mga Benepisyo sa Ngipin
2. Mga Pagbabago sa Patakaran ng Estado at Pederal sa CalFresh: Mga Update
3. Mga Epekto sa Kliyente at ang Ginagawa ng San Francisco Human Services Agency (SFHSA)
4. Ano ang Maaasahan, ang Puwedeng Gawin ng Mga Kliyente, at Paano Makakatulong ang Mga Partner
5. Update mula sa Immigrant Legal Resource Center (ILRC)
6. Update mula sa Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (OCEIA)
7. **Tanong at Sagot**





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Medi-Cal: Mga Update sa Mga Pagbabago sa Patakaran ng Estado at Pederal



Medi-Cal: Mga Benepisyo sa Ngipin

Petsa ng Pagpapatupad: Hulyo 1, 2026

Mga benepisyo sa ngipin, matatapos na para sa mga taong nasa hustong gulang na undocumented:

Mawawalan na ng mga benepisyo sa ngipin ang mga tumatanggap ng full scope Medi-Cal na ang edad ay 19 pataas, na undocumented o may temporary immigration status.



Medi-Cal: Limitadong Pagiging Kwalipikado ng Immigrant

Magkakaroon ng bisa sa Oktubre 1, 2026

Ititigil ng pederal ang pondo ng Medicaid para sa ilang partikular na immigrant na walang status na Lawful Permanent Resident (LPR o green card) pati para sa:

- Mga refugee
- Mga asylee
- Mga biktima ng trafficking
- Iba pang mga hindi mamamayan na dating kwalipikado*

Kakailanganin ng estado na **sagutin ang kabuuang gastusin** sa full-scope Medi-Cal para sa mga grupong ito. **Hindi** kasama sa budget ng 2026-2027 na mungkahi ng Gobernador noong Enero 9, 2026.





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

CalFresh: Mga Update sa Mga Pagbabago sa Patakaran ng Estado at Pederal



CalFresh: Limitadong Pagiging Kwalipikado ng Immigrant

Petsa ng Pagpapatupad: Abril 1, 2026

Winakasan ang pagiging kwalipikado sa CalFresh ng mga immigrant na walang status na Lawful Permanent Resident (LPR o greencard) pati ng:

- Mga refugee
- Mga asylee
- Mga survivor ng trafficking*
- Iba pang mga hindi mamamayan na dating kwalipikado*

Makakaapekto ito sa mga bagong aplikasyon simula sa Abril 1. Maaapektuhan ang mga dati nang sambahayan sa susunod nilang resertipikasyon, na magsisimula sa mga sambayahang may resertipikasyon sa Abril.

**May ilang mga hindi mamamayan na hindi na magiging kwalipikado sa ilalim ng Pederal na puwedeng magkwalipika para sa mga benepisyo ng Estado sa ilalim ng Programa para California Food Access Program (CFAP). Hinihikayat namin ang mga hindi mamamayan na mag-apply o makipag-ugnayan sa SFHSA para sa higit pang detalye tungkol sa kanilang partikular na kaso.*



CalFresh: Mga Pinalawak na Pag-aatas sa Trabaho

Petsa ng Pagpapatupad: Hunyo 1, 2026

Natapos na ang waiver ng California sa mga pag-aatas sa trabaho ng CalFresh. Simula sa Hunyo 1, 2026, maraming nakakatanggap ng CalFresh na dapat makatugon sa mga pag-aatas sa trabaho ng pederal sa ilalim ng mga bagong pinalawak na pagpapakahulugan.

Naaangkop ang mga pag-aatas sa trabaho sa mga Able-Bodied Adults Without Dependent (ABAWDs) o mga tao na:

- Nasa hustong gulang na 18-64
- May kakayahang magtrabaho
- Hindi nakatira kasama ang isang batang wala pang 14 taong gulang

3 buwan lang ng mga benepisyo sa loob ng 3 taon ang puwedeng makuha ng mga taong mapapailalim sa mga pag-aatas na ito maliban na lang kung sila ay makakatugon sa ilang partikular na pag-aatas sa trabaho o magiging kwalipikado sa isang exemption.

Simula sa Hunyo 2026, mapapailalim ang mga bagong aplikante sa screening at mga panuntunan sa trabaho ng House Resolution 1 (HR-1), habang mapapailalim ang mga dati nang kliyente sa mga ito sa susunod nilang pag-renew.



CalFresh: Mga Pinalawak na Pag-aatas sa Trabaho (ipinagpatuloy)

Petsa ng Pagpapatupad: Hunyo 1, 2026

Mananatili ang mga exemption para sa sinumang:

- Nakatira kasama ang isang batang wala pang 14 taong gulang*
- Walang kakayahang magtrabaho ayon sa pangangatawan o pag-iisip (batay sa panayam)
- Nagtatrabaho nang 30+ oras/linggo o kumikita ng \$217.50+ bawat linggo
- Nag-aaral nang kahit half-time lang
- Buntis
- May disorder sa paggamit ng substance o nagpapagamot
- Nakakatanggap ng/nag-a-apply para sa Unemployment Insurance o mga benepisyo sa may kapansanan
- May inalagaang may sakit o may kapansanan
- Nakakatugon sa pag-aatas sa trabaho ng CalWORKS
- Native American ng U.S. (bagong exemption)

**Ang mga taong walang matirhan, beterano, at indibidwal na may edad na 24 pababa na nasa foster care ay hindi na categorically exempt. Sa katulad na paraan, hindi na categorically exempt ang mga nasa hustong gulang na sa bahay nakatira, sila ay dapat partial na responsable man lang para sa pangangalaga ng dependent.*



CalFresh: Mga Pinalawak na Pag-aatas sa Trabaho (ipinagpatuloy)

Petsa ng Pagpapatupad: Hunyo 1, 2026

Kung hindi exempt, makakatugon ang isang tao sa mga pag-aatas sa trabaho sa pamamagitan ng pagsasagawa sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Pagtatrabaho nang 20 oras bawat linggo sa average, hindi bababa sa 80 oras bawat buwan
- Pagboboluntaryo o pagseserbisyo sa komunidad nang 20 oras bawat linggo, hindi bababa sa 80 oras bawat buwan
- Pagsasanay sa trabaho nang 20 oras bawat linggo, hindi bababa sa 80 oras bawat buwan
- Pakikibahagi sa workfare na itinakda ng CalFresh ng SFHSA
 - Ang bilang ng mga oras ng workfare na kinakailangan bawat buwan ay natutukoy sa pamamagitan ng paghahati sa halaga ng benepisyo ng CalFresh sa minimum wage ng City (hal., \$298 na buwanang benepisyo / \$19 na minimum wage ng San Francisco (SF) = 15 oras *lang* bawat buwan)
 - Puwedeng placement ng workfare sa isang City Agency o sa isang nonprofit



CalFresh: Mga Pinalawak na Pag-aatas sa Trabaho (ipinagpatuloy)

Petsa ng Pagpapatupad: Hunyo 1, 2026

Rollout ng Pagpapatupad:

- **Ang Mga Bagong Aplikante** ay sasailalim sa screening at dapat makatugon sa mga pinalawak na pag-aatas sa trabaho simula sa Hunyo 1.
- **Ang Mga Dati Nang Sambahayan** ay sasailalim sa screening at dapat makatugon sa mga pinalawak na pag-aatas sa trabaho sa susunod nilang resertipikasyon, na magsisimula para sa mga sambahayang may resertipikasyon sa Hunyo.

Halimbawa: Nag-apply at naaprubahan ang isang tao para sa CalFresh noong Enero 2026 nang may 12 buwang sertipikasyon. Hindi mapapailalim ang taong ito sa screening at mga panuntunan ng HR-1 hanggang sa kanyang resertipikasyon sa Disyembre 2026.

Kung isi-screen at matutukoy na hindi exempt, kakailanganin ng taong ito na matugunan ang mga panuntunan sa trabaho simula sa Enero 2027 para patuloy siyang makatanggap ng CalFresh pagkatapos ng tatlong buwan na limitasyon.





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Mga Epekto sa Kliyente, ang Ginagawa Namin, at Paano Makakaapekto ang Mga Pagbabagon Ito sa Iyong Trabaho




Mga Pagtantiya ng Epekto sa Kliyente

- Nasa humigit-kumulang 19,300 ng mga tumatanggap ng CalFresh ang may malaking posibilidad na dapat makatugon sa mga pag-aatas sa trabaho at maliit ang posibilidad na magkwalipika para sa exemption.
- Kinakatawan nila ang humigit-kumulang 18% ng caseload ng CalFresh sa San Francisco.




Tinatayang Epekto sa Caseload ng CalFresh




Pinagmulan: (CalSAWS) Disyembre 2025

Mga ABAWD ng CalFresh ayon sa Edad




Pinagmulan: (CalSAWS) Disyembre 2025

Mga ABAWD ng CalFresh ayon sa Lahi/Etnisidad



*Pinagmulan: CalSAWS Disyembre 2025; *ang lahi at etnisidad ay hindi mga kinakailangang field sa CalSAWS*

Mga ABAWD ng CalFresh ayon sa Wika



*Pinagmulan: California Statewide Automated Welfare System (CalSAWS) Disyembre 2025
Kasama sa iba pang wika ang Vietnamese (300 kliyente), Ruso (100), at Tagalog (100) bukod sa iba pa*

Mga ABAWD ng CalFresh ayon sa Lokasyon

Zip	Komunidad	#
94102	Hayes Valley/Civic Center/Tenderloin	5,250
94103	South of Market	1,450
94112	Ingleside/Excelsior	1,400
94124	Bayview/Hunters Point	1,400
94109	Polk/Russian Hill/Nob Hill	1,300
94110	Mission District/Bernal Heights	1,100
94134	Visitacion Valley	950
94122	Sunset	750
94133	North Beach	550
94115	Western Addition/Japantown	500
94116	Sunset/Parkside	500
94121	Outer Richmond	500

Pinagmulan: CalSAWS Disyembre 2025



Mga ABAWD ng CalFresh ayon sa Lokasyon

Zip	Komunidad	#
94107	Potrero Hill/SOMA	450
94117	Haight-Ashbury	400
94118	Inner Richmond	400
94132	Lake Merced/ Lakeside	400
94108	Chinatown	300
94114	Castro/Noe Valley	250
94131	Twin Peaks/Glen Park	250
94142	General Delivery	150
94158	Mission Bay	150
94105	Rincon Hill	100
94111	Embarcadero	100
94123	Marina/Cow Hollow	100
94127	St. Francis Wood/West Portal	100
94130	Treasure Island	100
94104	Financial District	-
94129	Presidio	-

Pinagmulan: CalSAWS Disyembre 2025



Mga Partnership sa Komunidad

- **Suportahan ang mga kliyente sa pag-apply at pagpapanatili ng mga benepisyo**
 - Tulungan ang mga kliyenteng kumportable sa teknolohiya na mag-set up ng mga online account sa BenefitsCal para makapagsumite ang mga kliyente ng dokumentasyon sa electronic na paraan
- **Mag-alok ng mga oportunidad sa pagboboluntaryo para matulungan ang mga kliyente na makatugon sa mga pag-aatas**
- **Magbahagi ng tamang impormasyon**
 - Regular na tingnan ang website ng SFHSA para sa mga update:
<https://www.sfhsa.org/community-partner-resources>
 - Mag-subscribe sa [Quarterly Partners Newsletter](#) na tungkol sa mga update sa mga serbisyo at mga event, at mga posibleng oportunidad para matulungan ang mga kliyente na makatugon sa mga pag-aatas



Partnership sa Spotlight

Mayor's Office of Innovation

- Nakikipagtulungan ang Mayor's Office of Innovation (MOI) sa SFHSA na suriin ang mga kasalukuyang pamamaraan, tukuyin ang mga problema, at mag-isip ng mga solusyon. Kasama sa mga halimbawa ng proyekto ang:
 - Pagbutihin ang mga koneksyon sa pagitan ng proseso ng pagiging kwalipikado at mga programa sa workforce
 - Pagmamapa at pag-centralize ng mga oportunidad sa trabaho at pagsasanay
 - Pag-explore ng mga paraan para mapagbuti ang komunikasyon sa kliyente, gaya ng two-way texting
- Paghahangad na gumawa ng modelong mare-replicate sa mga county at bansa



Mga Suporta sa Mga Serbisyo sa Workforce

Mayor's Office of Innovation

- Iba't ibang pathway na tumutugon sa iba't ibang kliyente at kanilang mga pangangailangan:
- CalFresh Employment and Training Component: workfare, edukasyon, pananatili sa trabaho, pagsasanay sa self-employment, sinusubaybayang paghahanap ng trabaho, at karanasan sa trabaho
- Mga oportunidad sa on-site na pagsasanay at subsidized na trabaho: Public Service Trainee Program at Private Sector Wage Subsidy Program
- Mga hindi subsidized na alok sa trabaho: mga partnership sa employer sa pribadong sektor
- Koneksyon sa pang-nasa hustong gulang na edukasyon ng City College of San Francisco (CCSF)
- Partnership sa Office of Economic and Workforce Development (OEWD) at iba pang city agencies na may workforce programming



Mobile Center ng Mga Benepisyo

Hub on wheels ng mga benepisyo ng SFHSA

- Programang pinopondohan ng grant na idinisenyo para suportahan ang mga tao na may mas maliit na posibilidad na humingi ng mga serbisyo sa isang tanggapan ng pamahalaan
- Lahat ng pangunahing benepisyo na available on board: Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, County Adult Assistance Programs (CAAP)
- Pag-print ng Electronic Benefits Transfer (EBT) at suporta sa lugar
- Iskedyul ng serbisyo batay sa mga booking ng mga partner sa komunidad



[SFHSA.org/MobileBenefits](https://sfhsa.org/MobileBenefits)





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

Ano ang Maaasahan, ang Puwedeng Gawin ng Mga Kliyente, at Paano Makakatulong ang Mga Partner




Ang Puwedeng Gawin ng Mga Kliyente sa Ngayon

- Panatilihing updated ang impormasyon sa county
- Makibahagi sa mga kinakailangang aktibidad
- Mag-set up ng naka-link na BenefitsCal account kung kumportable sa teknolohiya
- Iulat ang mga asset, gastusin sa tirahan, at utility kung kinakailangan
- Regular na bumisita sa SFHSA.org para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa programa ng benepisyo, pati tungkol sa mga bagong pag-aatas at update sa pagiging kwalipikado



Proseso ng Aplikasyon



Pagkatapos ng Pagsusumite ng Aplikasyon

Kailan ka makakarinig ng update mula sa SFHSA?

CalFresh:

- 30 araw para suriin ng SFHSA ang aplikasyon
- 3 araw para sa Expedited Service

Medi-Cal:

- 45 araw para suriin ng SFHSA ang aplikasyon



Habang Hinihintay ng Mga Kliyente ang Kanilang Mga Benepisyo

Kailangan ng Pagkain Ngayon?

- Humingi ng Emergency Food Box sa SFHSA
- Bisitahin ang mga [Neighborhood Food Access Points](#)
- Gamitin ang [Locator ng Food Bank ng San Francisco at Marin](#) para makakita ng mga opsyon sa malapit

May Mga Alalahanin sa Kalusugan?

- Pumunta sa San Francisco General Hospital kung kailangan mo ng pangangalaga
- Tumawag sa 911 kung may medikal na emergency
- Huwag nang maghintay – puwede ka pa ring magpatingin sa doktor kahit nakabinbin pa ang iyong Medi-Cal



Pagpapanatili sa Mga Benepisyo

CalFresh:

- Kumpletuhin ang SAR-7 tuwing 6 na buwan
- Mag-renew bawat 12 na buwan
- Iulat ang mga pagbabago gaya sa kita, tirahan, at laki ng sambahayan

Medi-Cal:

- Mag-renew bawat 12 na buwan*
- Abangan ang ipapadala sa pamamagitan ng koreo at sumagot kaagad para mapanatili ang insurance

****Magbabago para sa maraming kliyente na may edad 19-64 simula sa Enero 2027***



Data at Privacy ng Kliyente

Pinapahalagahan ng SFHSA ang iyong privacy. Ginagamit lang namin ang personal na impormasyon ng mga kliyente para matukoy kung kwalipikado sila para sa mga benepisyo.

Alinsunod sa batas, inaatasan ang aming ahensya na magbahagi ng impormasyon sa Estado ng California, na siyang inaatasang ibahagi ang impormasyon ng demograpiko sa Mga Center para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid ng pederal.

Ipinapabatid rin sa mga kliyente na kung aalis sila sa pagkakatala sa mga benepisyo, hindi retroactive na maaalis ang kanilang personal na impormasyon sa database na pinapatakbo ng estado.



Paano Makakatulong ang Mga Partner

Tulungan ang mga kliyente na manatiling nakatala at maiwasan ang mga abala sa benepisyo

1. Hikayatin ang mga kliyente na gumawa ng sarili nilang BenefitsCal account

- Ang mga account ng kliyente ay may in-app na online na proseso ng pag-renew at resertipikasyon

2. Gamitin ang mga account ng kliyente kung posible para lutasin ang mga isyu sa pag-renew

- Sa login lang ng kliyente available ang ilang hakbang sa pag-renew

3. Tulungan ang mga kliyente na agarang makita ang mga abiso at magsumite ng mga dokumento

- Ang maagang pagtugon sa mga kahilingan ay puwedeng makatulong para maiwasan ang pagsasara ng kaso

4. Ipaalala sa mga kliyente na panatilihin updated ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan

- Kapag tama ang tirahan, numero ng telepono, at email, matitiyak na matatanggap ng mga kliyente ang mga abiso sa pag-renew
- Mag-opt in para makatanggap ng mga text message at abiso tungkol sa mga pag-renew at emergency





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY



Legal na Update sa Mga Immigrant at Pampublikong Benepisyo

Ariel Brown, Senior Staff Attorney
Immigrant Legal Resource Center
(ILRC)



Dapat Matanggap ng Mga Immigrant ang Kailangan Nilang Tulong!

Hindi babaguhin ng mga panuntunan sa “Public Charge” kung sino ang kwalipikado para sa mga pampublikong benepisyo

Ang maaapektuhan lang ng panuntunan sa Public Charge ay ang mga nag-a-apply para sa kanilang green card sa pamamagitan ng petisyon ng pamilya o employer, o pagpasok sa U.S. :

- Puwedeng gamitin ng mga mamamayan ng U.S. ang anumang benepisyo nang walang takot.
- Magagawa ng mga permanenteng residente, asylee, refugee, taong may U visa, T visa, mga napapailalim sa Violence Against Women Act (VAWA), at marami pang iba na gamitin ang lahat ng programa kung saan sila kwalipikado.
- Puwedeng makatanggap ang mga kapamilya ng mga immigrant ng mga benepisyo, pati ang mga mamamayang anak.
- Walang pagsusuri sa public charge para maging mamamayan! Magagawa mong gamitin ang mga benepisyo at mag-apply para sa pagkamamamayan.



Dapat Matanggap ng Mga Immigrant ang Kailangan Nilang Tulong! (ipinagpatuloy)

- Sa kasalukuyan, wala pang binabago ang administrasyong Trump sa public charge
- Pero puwedeng magkaroon ng mga pagbabago sa malapit na hinaharap – tiyaking magtatanong ka ng mga update sa isang pinagkakatiwalaang provider ng mga legal na serbisyo sa immigration kung nag-a-apply ka para sa green card o pagpasok sa U.S.
- Bukod pa rito, kung aalis ka ng Estados Unidos para mag-apply para sa iyong green card sa isang konsulado o embahada ng U.S. sa labas ng Estados Unidos, magtanong sa isang pinagkakatiwalaang tagapagtaguyod BAGO umalis – dito namin inaasahang mauuna ang mga pagbabago sa public charge at sa kasalukuyan, naka-pause ang visa para sa mga indibidwal na mula sa 75 bansa batay sa public charge na puwedeng makaapekto sa iyo
- Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ligtas gamitin ang karamihan ng mga benepisyo!
- **Pangkalahatang panuntunan: kung kwalipikado ka, puwede mo itong gamitin**



Public Charge

Ligtas na magagamit ng lahat ang mga programa sa kalusugan, nutrisyon, at tirahan

- Kung mag-a-apply ka para sa green card o pagpasok sa U.S. at kailangan mong sumailalim sa pagsusuri sa public charge, ang mga programa lang na isasaalang-alang ng mga opisyal sa immigration ay:
 - Cash na tulong para sa mga programa sa pagpapanatili ng kita, gaya ng CalWORKs, CAAP, at Supplemental Security Income (SSI)
 - Institusyonal na pangmatagalang pangangalaga na binabayaran ng pamahalaan



Public Charge (ipinagpatuloy)

- Ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo, pati ng cash na tulong at pangmatagalang pangangalaga, ay hindi itinuturing na public charge para sa maraming uri ng mga immigrant.
- Ang mga mayroong U at T visa, permanenteng residente, mamamayan ng U.S., refugee, asylee, at marami pang iba ay kwalipikado para sa mga benepisyo at walang “public charge.”

May libreng legal na payo:

- Linya para sa Legal na Payo ng Bay Area Legal Aid: (800) 551-5554
[Immigrants.sfgov.org](https://www.immigrants.sfgov.org)



Paano Naman ang Aking Sponsor?

- Ang paggamit ng mga benepisyong ay HINDI magkakaroon ng masamang epekto sa iyong sponsor sa California.
- Walang sistema ang California na nag-aatas sa mga sponsor na “bayaran” ang mga benepisyong ginamit ng isang na-sponsor na tao.
- Puwedeng isaalang-alang ang kita ng sponsor sa pagiging kwalipikado ng kita ng immigrant na makatanggap ng ilang partikular na pampublikong benepisyong. Tinatawag itong “deeming.” Puwede itong mangahulugan na hindi kwalipikado ang isang sino-sponsor na immigrant sa isang programa dahil sobra ang kanyang kita.





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY



Mga Resource para sa Mga Komunidad ng Immigrant

Jamie Richardson

Office of Civic Engagement
and Immigrant Affairs



Tungkol sa OCEIA

- Ang Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (OCEIA) ay isang departamento ng Lungsod para sa patakaran, pagsunod, mga direktang serbisyo, at pagbibigay ng grant.
- Layunin ng OCEIA na magsulong ng mga inklusibong patakaran at magtaguyod ng mga programa para sa tulong sa immigrant na magresulta sa ganap na integration sa komunidad, ekonomiya, at wika.



San Francisco Rapid Response Network

24 na Oras na Hotline para sa Mabilisang Pagresponde ng SF: 415-200-1548

Tawagan ang hotline para makatanggap ng tulong sa:

- Pang-emergency na **legal na tulong** sa isang taong na-detain ng Immigration and Customs Enforcement (ICE)
- Mga kahilingan para sa **accompaniment** sa hukuman ng immigration at pag-check in ng ICE
- Mga kahilingan para sa **mga legal na konsultasyon** na kinakailangan at hindi kinakailangan kaagad
- Pag-uulat ng naobserbahang aktibidad sa pagpapatupad kaugnay ng immigration sa San Francisco

I-save ang numero sa iyong telepono para makatawag kung kinakailangan. Kadalasan, iisang tao lang ang sumasagot sa hotline para sa Mabilisang Pagresponde. Kaya kung abala ang linya, tumawag ulit. Available ang tulong sa maraming wika.

Ang SF Rapid Response Network ay pinapatakbo ng isang grupo ng mga non-profit na organisasyong mula sa San Francisco Immigrant Legal & Education Network (SFILEN) at **San Francisco Immigrant Legal Defense Collaborative (SFILDC)**. **Matuto pa:** sfilen.org/resources/sf-rapid-response-network

Maghanap ng Mga Panrehiyong Network para sa Mabilisang Pagresponde: immigrants.sf.gov/help/rapid-response



Website ng Forum ng Mga Immigrant sa SF

Website ng Resource: sf.gov/immigrants

Nagbibigay ang website ng Forum ng Mga Immigrant sa SF ng impormasyon tungkol sa mga resource na may limitadong kinakailangan para sa mga immigrant, asylee, at refugee sa San Francisco. Kasama sa mga resource ang:

- Legal na suporta sa immigration
- Tirahan at shelter
- Tulong sa pagkain, kalusugan, pananalapi, at tulong na cash
- Alamin ang iyong mga karapatan
- Pagkakakilanlan
- Pagkatuto ng wikang Ingles
- Pagpapaalaga ng anak at pamilya
- Pagpapaunlad ng ekonomiya at workforce
- Transportasyon
- Mga resource ng estado at rehiyon
- at higit pa!



Mga Meeting sa Forum ng Mga Immigrant sa SF

Mga Bi-monthly na Online na Webinar

Ang mga meeting sa Forum ng Mga Immigrant sa SF ay mga pagpupulong batay sa paksa na ginawa para maiugnay ng mga provider ng serbisyo ang mga departamento ng Lungsod at ang mga organisasyon sa komunidad sa mga nauugnay na resource at impormasyon para sa mga komunidad ng immigrant.

Susunod na meeting: Miyerkules, Mayo 27, 2026, 2:30 p.m. hanggang 4:00 pm

Magparehistro: sf.gov/immigrants

Paksa ng meeting:

Mga presentation mula sa Healthy San Francisco: Access at mga resource sa pangangalagang pangkalusugan ng mga immigrant, anuman ang kanilang status



Hub ng Suporta sa Mga Immigrant ng San Francisco

Makakita ng libre hanggang murang legal na tulong sa immigration sa San Francisco: immigrants.sf.gov

Ang mga organisasyong nakalista sa website na ito ay makakatulong sa mga immigrant na makakita ng legal na tulong sa immigration.

- Sa pangkalahatan, mura o libre ang konsultasyon at puwedeng sagutin ang bayad sa aplikasyon ng mga San Franciscan.
- Mag-filter ayon sa uri ng immigration at pangangailangan sa wika
- Impormasyon tungkol sa Hotline para sa Mabilisang Pagresponde
- Magagamit ang buong site sa Ingles, Spanish, Chinese, at Filipino.





SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

May mga tanong?

www.sfhsa.org

